



# ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Tomo XXX Bilang 1

Edisyong Pilipino

Enero-Pebrero 2000

## Editoryal

# Bibiguin ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang solusyong militar ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada



**T**ulad ng asong ulol, walang-isip at hayok na hayok na nagmamatigas ang reaksyunaryong rehimeng US-Estrada na gamitin ang solusyong militar sa paglutas ng mga usaping panlipunan at mga suliranin nito sa pulitika. Subalit katulad ng pasistang guro niyang si Marcos, hinuhukay lamang ni Estrada ang sariling libingan. Lalo lamang pinalalalim ni Estrada ang krisis ng naghaharing sistema at nag-uudyok ng

papatindi at papalawak na mga pakikibakang antipasista at anti-Estrada. At tulad ng ginawang pagdurog sa kamay na bakal ng diktadurang Marcos, bibiguin ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang solusyong militar ni Estrada.

Pag-upo pa lamang niya noong 1998, kaagad na inilarga na ni Estrada ang Operational Plan (Oplan) Makabayan, na nagdidiin sa solusyong militar bilang paraan ng paglaban sa rebolusyonaryong kilusan. Ito ang isinagawang pag-angkop ng reaksyunaryong estado sa lahatang-panig na muling paglakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan simula 1992 bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto gayundin ng muling

pag-igting ng armadong pakikibaka ng Moro Islamic Liberation Front-Bangsamoro Islamic Armed Forces (MILF-BIAF) mula 1996. Matapos ipamalas ng Partido ang militanteng katatagan, binitawan na ni Estrada bilang mayor na pamamaraan ng paglaban sa rebolusyon ang pampolitikang taktika ng kooptasyon at pagpapasuko.

Sa ilalim ng Oplan Makabayan, ibayong pinalalakas ang militar at pulisia. Gayundin, lalong pinalalaki ang mga grupong paramilitar katulad ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit at mga grupong *vigilante*. Layunin ng Oplan Makabayan na armasan ang pasistang pwersang militar ng mga makabagong kagamitan, palawakin ang kontra-rebolusyonaryong mga grupong *vigilante* at itaas ang kakayahan nila sa paniniktk.

Kaakibat din nito ay ang paglalarga ng kampanyang disimporasyon at paninira laban sa Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) at anti-komunistang *witch-hunting* laban sa mga ligal na organisasyong makabayan at demokratiko.

Noong 1999, mabilis na bumulusok ang popularidad ni Estrada, bumwelo ang mga anti-Estradang protesta at mga taktikal na opensiba ng BHB at lumala ang krisis sa paghahari ng rehimeng US-Estrada. Sa desperasyong ipagtanggol ang poder nito, sabay-sabay na pinakawalan

ni Estrada ang kanyang mga uhaw-sa-dugong pasistang tropa at pinag-ibayo ang kaakibat na anti-komunista at anti-mamamayang kampanyang propaganda upang papaghariin ang takot sa bayan, busalan ang bibig ng mamamayan, supilin ang mga demokratikong karapatan at piliting hadlangan ang mabilis na sumusulong na mga pakikibakang masa at armadong paglaban.

Sa kasalukuyan, ikinokonsentra ng rehimeng US-Estrada ang lakas-pamutok nito sa Timog Katagalugan at sa mga lugar ng MILF-BIAF sa Mindanao habang itinataas ang kakayahan nito sa mabilis na deployment ng pwersa saanmang lugar sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng mga operasyong laking-brigada, layunin ng pasistang rehimeng magkamit ng mga taktikal na tagumpay sa baluktot na paniniwalang magsisilbi itong salik sa pagpapatatag ng kanyang paghahari.

Isinasagawa ngayon ang napakalupit na kontra-rebolusyonaryong digma sa kanayunan at kalunsuran. Lansakang nilalabag ang mga karapatang sibil ng mamamayan at ang mga alituntunin sa digmaan at internasyunal na makataong batas. Pinaiiral ngayon, laluna sa kanayunan, ang lahat ng aspeto ng batas militar. Isinasakatuparan ang patakaran ng pagtortyur, pagsalbeyds, pagbablokeyo sa pagkain, pambombomb, pwersahang pagpapalikas, iligal na pang-aaresto at pagsasampa ng mga kasong kriminal sa mga pinaghahinalaang rebolusyonaryo. Sa kalunsuran, ibinasura na ang tinaguriang patakaran ng "maximum tolerance" sa pagharap sa mga demonstrasyon at ipinatutupad ang patakaran ng "maximum force" o paggamit ng todong-pwersa upang buwagin ang mga militanteng rali ng mga manggagawa, estudyante at iba pang sektor.

Batay sa mga di pa kumpletong talaan, tinatayang mauungusan ng reaksyunaryong gubyernong Estrada ang rekord ng diktadurang Marcos at ng mga sumunod na pasistang rehimeng usapin ng dami ng mga kaso at biktima ng paglabag sa mga karapatang-tao.

Sa pagbitaw sa pampolitikang pamamaraan ng paglaban sa rebolusyonaryong kilusan, binitawan na rin ng reaksyunaryong gubyerno ang dating pakitang-taong paggalang sa mga karapatang-tao at sa mga internasyunal na makataong batas. Winakasan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang negosasyong pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) upang ipawalambisa ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa

## NILALAMAN

Editoryal.....	1
Tungkol sa pananalakay ng AFP sa MILF.....	4
Hinggil sa mga bihag ng digma.....	6
Mga taktikal na opensiba sa TK.....	7
Taktikal na opensiba sa Negros.....	10
Teroristang paghahari ng rehimeng US-Estrada sa TK.....	11
Ka Sixto Cerna.....	13
Balikatan 2000.....	14
Mga dispersal at pambubuwag.....	14
Pasistang pangkating Baguisa.....	15
Manero: Pusakal na berdugo.....	16
Pagparusa kay Conrado Balweg.....	18
Cagayan Valley: Pagbaka sa konserbatismo.....	19
Chechnya: Pagpapalawak ng imperyong Ruso.....	22
Balita.....	24

## PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa website na: <http://angbayan.cjb.net>

Tatanggap ang patnugutan ng mga liham sa *email address* na: [editors@angbayan.cjb.net](mailto:editors@angbayan.cjb.net)

Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas at alisin ang anumang balakid sa paglalarga ng todo-dong digma.

Minamadali na rin ni Estrada na wakasan ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-MILF. Sa kabilang nagpapatuloy na pormal na negosasyon, tinambakan ng libu-libong tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at inilunsad ang malakihang pananalakay sa Camp Omar ng MILF-BIAF nitong Pebrero. Ito ay labag sa mga nauna nang kasunduang nabuo sa pagitan ng GRP at MILF at tahasang pang-uupat sa MILF na umatras na sa prosesong pangkapayapaan.

Sa kahayukan nito sa digmaan, lubusang bina-balewala ng pasistang militar kahit ang kapakanan ng mga tauhan nitong bihag ng digma. Sa halip na tumbasan ang makataong alok ng NDFP na palayain ang mga bihag ng digma, katulad nila Maj. Noel Buan at PCI Abelardo Martin, iniutos ni Estrada ang laking-brigadang operasyon sa Timog Katagalugan.

Subalit batas ng kasaysayan ang nagtatadhana na, habang matamang tumatalima sa mga taktikang gerilya at linya ng matagalang digmang bayan na nagtagtaguyod sa interes ng masa at umaasa sa kanila, tuluy-tuloy na lalakas at lalaki ang rebolusyonaryong armadong kilusan at anti-anti nitong pahihinain ang higanteng reaksyunaryong hukbo. Para sa Partido at buong rebolusyonaryong kilusan, ang pagmamatigas ng reaksyunaryong gubyernong Estrada sa solusyong militar nito ay nagbubunsod ng higit na mahusay na sitwasyon para sa lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong gawain, laluna sa larangan ng armadong pakikibaka.

Kailangang itaas ang antas ng pagkakaisa at kakayahan ng BHB. Mahalagang isagawa ang pam-pulitikang pagsasanay na nakatuon sa pag-aaral sa lipunan at rebolusyonong Pilipino, mga dokumento at direktiba ng Partido, mga partikular na suliranin ng masa at ang pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila. Kailangan ding maisagawa ang pagsasanay-militar na nagtataas sa kakayahan ng mga mandirigma sa mga maniobrang pang-opensiba at depensiba, pagtudla at iba pang saligang gawaing-militar; at sa kakayahan ng mga upisyal sa pagtataya, pagpaplano at pamumuno sa mga operasyon.

Kaugnay nito, kailangang samantalahan ng mga yunit ng BHB ang mga pagkakataong bigwasan ang mga tropa ng reaksyunaryong hukbo. Sa mga larangang gerilya,

maaaring samantalahan ng mga mandirigma ang bulag na pagkilos ng AFP at PNP, ang mababang moral ng kanilang tropa at ang di pantay na deployment ng kanilang mga powersa. Sa pakikipagtulungan sa masa, subaybayan ang pagkilos ng mga pasistang tropa upang makabuo ng angkop na plano para sa paglulunsad ng mga tiyak na maipagwawaging taktikal na opensiba.

Kailangan ding pahigpitin ang pagkakaisa ng hukbo at mamamayan. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagharap sa kanilang mga suliranin at paghikayat ng kanilang pagsuporta at paglahok sa armadong pakikibaka. Mula sa kanilang hanay, malawakang magrekluta ng mga nasa sapat na gulang, may mahusay na rekord at malusog na pangangatawan bilang mga mandirigma ng BHB.

Kinakailangang itaas ang antas ng militansya at tapang ng masa upang kolektibong harapin at labanan ang pagmamalupit ng mga pasistang tropa at igit ang katarungan mula sa pang-aabuso ng mga sundalo at pulis. Ang mga pusakal na yunit at upisyal ng reaksyunaryong hukbo at pulisya, pati na ang pinakamasasahol na reaksyunaryong pulitiko, ay kailangang pagbayanin sa kanilang mga kasalanan sa mamamayan.

Sa pamamagitan ng paglalantad sa kabulastugan ng solusyong militar ni Estrada ay makatitipon ng malawak na suportang pampulitika para sa armadong pakikibaka. Kailangang pansin ang paghikayat ng iba't ibang anyo ng suporta para sa hukbong bayan mula sa petiburgesyang lunsod at iba pang sektor sa kalunsuran. Samantalahan ang lahat ng oportunidad, kabilang na sa masmidya, upang ilantad ang mga abuso at kalupitang militar at ang mga paglabag sa mga karapatang-tao, mga internasyunal na makataong batas at alituntunin sa digma.

Habang lalong nanggigil si Estrada sa kanyang solusyong militar, lalong nagging matingkad ang kawalang-intensyon ng kanyang pasistang rehimen na lutasin ang mga saligang suliranin panlipunan na nagbubunsod ng malawak na paghihirap ng mamamayan at krisis sa pulitika at ekonomya. Habang lalong malupit ang anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong digma ng reaksyunaryong gubyernong Estrada, lalong tiyak itong mabibigo — lalo nitong paglalagablabin ang nag-aalab nang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. **AB**



# Tungkol sa tumitinding pananalakay ng AFP sa MILF-BIAF

Komite Sentral  
Partido Komunista ng Pilipinas  
22 Pebrero 2000

**A**roganteng probokasyon at lansakang paglapastangan sa umiiral na prosesong pangkapayapaan sa pagitan ng MILF at GRP ang malakihang opensibang militar ng AFP laban sa Camp Omar ng MILF-BIAF mula noong Pebrero 19, bisperas ng nakatakdang torno ng pag-uusap ng mga *negotiating panel* ng MILF at GRP.

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang walang pangingiming pagsaksak ng AFP sa likod ng MILF-BIAF. Ang kataksilang ito ay malaking insulto sa usapang pangkapayapaan at sa kasunduan sa tigil-putukan sa pagitan ng MILF at GRP. Higit pa, nagdudulot ito ng labis na ligalig at pinsala sa karaniwang mamamayang Moro at di-Moro sa gitna at timog-kanlurang Mindanao.

Lubos na nasa katwiran ang MILF-BIAF na gawin ang lahat ng hakbanging militar, pulitikal, diplomatiko at iba pa para puspusang labanan at biguin ang buhong na pananalakay ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada. Napakalinaw na ganap na pananagutan ng reaksyunaryo at uhaw-sa-dugong rehimeng US-Estrada ang hindi malayong tuluyang pagbagsak ng usapang pangkapayapaan ng MILF at GRP at ang mas malawak at mas matinding armadong labanan.

Tungkulin ng Partido at lahat ng kaalyadong organisasyon nito sa NDF na ubos-kayang suportahan at tulungan ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersang Moro na walang patumanggang sinasalakay ng mga pwersang reaksyunaryo, papet at pasista na nakabase sa Maynila. Alinsunod ito sa kasunduan ng NDF at MILF sa kooperasyon at pagsusuportahan na pinirmahan noong Hulyo 24, 1999 at mahigpit na hinihingi ng rebolusyonaryong prinsipyong. Kaya nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas para sa ibayong pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba at mga protesta at pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran sa buong kapuluan.

Sa tuwirang pamumuno ni Gen Angelo Reyes, hepe ng AFP, daan-daang tropa ng 2nd Scout Ranger Battalion at iba pang tropa ng AFP na suportado ng mga kanyon, mga eroplanong pandigma, tangke at sasakyang *armored* ang sumalakay sa Camp Omar sa Shariff Aguak, Maguindanao. Ang Camp Omar ay isa sa mga pangunahing kampo ng MILF na kinikilala ng GRP gaya ng itinatakda ng Second Joint Acknowledgment na pinirmahan ng mga panel ng dalawang partido noong Oktubre 6, 1999.



Ang kampo ring ito ang sinalakay ng mga tropa ng AFP noong Enero 9-12 habang abala ang MILF sa dasal na pagtapos sa Ramadan, ang pinakaimportanteng taunang pistang panrelihiyon ng mga Muslim sa buong mundo, bukod sa bisperas ng isa pang nakatakdang torno ng pag-uusap ng mga panel ng MILF at GRP.

Ang paulit-ulit na pagsalakay ng AFP hanggang hindi lubos na nasasakop ang kampo ay isang hakbang lamang sa imbing pakana ng matataas na pinuno ng GRP sa ilalim ng rehimeng US-Estrada na wasakin ang prosesong pangkapayapaan at todong ilarga ang dati nang bigong solusyong militar. Kasabay ng Oplan Makabayan


laban sa BHB, ipinatupad ng AFP ang Oplan Pisces Alpha laban sa MILF-BIAF. Sa pagpasok ng taong 2000 sinimulang ipatupad ng AFP ang bagong Campaign Plan Balangai na nakatuon sa pagpapalawak at pagpapatindi ng mga opensibang militar laban sa mga rebolusyonaryong pwersa (partikular ang NDF at MILF) sa buong bansa.

Kaya pagkatapos pabagsakin ang usapang pangkapayapaan ng NDF at GRP, ang usapang pangkapayapaan naman ng MILF at GRP ang ginigiba ng rehimeng US-Estrada. Pinaiigting ang mga armadong pagsalakay, sunud-sunod na ipinapataw ang mga arbitraryo at di makatwirang kundisyon na walang ibang kahulugan kundi ang tahasang pagsurender at pag kriminalisa ng MILF sa sarili, paulit-ulit na nilalabag ang nabuo nang mga kasunduan, bukod sa ipinipilit ang arbitraryo at di makatotohanang dedlayn.

Noong 1999 inilipat sa Mindanao ang dagdag na pitong batalyon ng Philippine Army, dalawa at kalahating batalyon ng Scout Rangers at anim na batalyon ng Special Forces. Ikinonsentra rin sa gitnang Mindanao ang kalakhan ng saOsakyang *armored*, tangke at helikopter at eroplanong pandigma ng AFP. Ang buong 6th Infantry Division, isang brigada ng 3rd Infantry Division at isang brigada ng 4th Infantry Division ay nagtayo ng malaking bakod ng armor at opensibang lakas na kumukubkob sa mga pangunahing kampo ng MILF-BIAF sa Maguindanao, Lanao del Sur, North Cotabato at Sultan Kudarat.

Mula Nobyembre 1999 dumalas nang dumalas ang pagsalakay sa mga kampo ng MILF, mga menor na kampo sa umpisa at sa kalauna'y malalaking kampong gaya ng Camp Omar. Malawakang binubuo at inaarmasan muli ang mga kinamumuhiang pasistang CAFGU, *vigilante* at kultista gaya ng Tadtad. Ibayong pinalalawak ang paniniktek sa mga rebolusyonaryong pwersa at karaniwang mamamayan. At ang mga indikasyon ay nagpapahiwatig ng muling pagbuhay sa buhong na kampanya ng henosidyo gaya ng ginawa ni Marcos, ang pasistang amo at guro ni Estrada. Sa pamamagitan ng pag-atake at iba't ibang klase ng presyur, ang MILF ay ginigipit tungo sa kapitulasyon o di kaya'y hinahabol na labis na mapahina at mapagwatakwatak.

Ultimong layunin ng todong militarisasyon, armadong probokasyon at pananalakay at pasistang panunupil ng



rehimeng US-Estrada ang pagsupil sa pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Kaalinsabay ang pagtiyak na libre at ligtas na magagamit ng mga tropang US ang gitna at timog-kanlurang Mindanao para sa kanilang mga pangangailangan sa pagbabase, maniobra at suplay at makakamkam ng mga monopolyong korporasyong dayuhan ang mga deposito ng langis at *natural gas* sa Liguasan Marsh at paligid.

Pero lampas sa suhetibong kagustuhan ng rehimeng US-Estrada ang mabilis na paglala ng krisis sa ekonomya at pulitika ng reaksyunaryong naghaharing sistema. Malubha nang nalalantad at nahihiwalay ang reaksyunaryo, papet at pasistang naghaharing pangkating Estrada. Maging sa hanay ng mga reaksyunaryo ay mabilis na lumalawak at tumitindi ang disgusto sa kabulukan, kabruskuhan at pamali-maling palakad ni Estrada. Mabilis na lumalawak at lumalakas ang armado at di armadong paglaban sa naghaharing rehimen at sa bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na ipinagtatanggol nito. Ang patuloy na umuunlad na ugnayan at pagtutulungan ng MILF at NDF ay malaking tulak sa mas mabilis pang pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa buong kapuluan at magbubunga ng mas matitindi pang dagok sa reaksyunaryong kapangyarihan at lakas.

Ang paglapastangan ng naghaharing rehimeng US-Estrada sa usapang pangkapayapaan at mga kasunduan sa pagitan ng MILF at GRP, at bago nito, sa usapang pangkapayapaan at mga kasunduan sa pagitan ng NDF at GRP, ay nagdudumilat na mga pruweba ng saradong pag-iisip ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryong alipures nila kaugnay ng pinakamasidhing mga hinaing ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino. Itinuturo ng paulit-ulit na mapait na karanasan na hindi kailanman makaasa sa pakikiusap at pakikipag-usap sa mga reaksyunaryong naghaharing uri para malutas ang mga saligang suliraning pambansa at panlipunan ng mamamayang Moro at buong sambayanang Pilipino.

Upang ipagtanggol ang kanilang pambansa, panlipunan at pampulitikang karapatan at kapakanan, dapat umasa ang mamamayan pangunahin sa puspusang pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka hanggang makamit ang ganap na tagumpay. **AB**

Mga bihag ng digma

# Sinasabotahe ng rehimeng US-Estrada ang pagpapalaya kina Martin at Buan



**S**inasabotahe ng rehimeng US-Estrada ang paglaya ng mga bihag ng digma na sina Philippine Army Maj. Noel Buan at P/Chief Insp. Abelardo Martin. Sa halip na hawanin ang daan para sa maayos na pagpapalaya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga bihag ng digma, iniutos ni Estrada ang lalong pagpapatindi ng mga operasyong militar sa Timog Katagalugan.

Nitong Enero 12, pinirmahan ng NDFP *negotiating panel* at ng *humanitarian and peace mission* nina Sen. Loren Legarda, Bishop Jesus Varela at Supreme Bishop Tomas Millamena ang isang Memorandum ng Pag-uunawaan kaugnay ng mga bihag. Nilalaman nito ang mga hakbangin para sa maayos na pagpapalaya sa mga bihag, kabilang ang suspensyon ng paglilitis ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng Timog Katagalugan ng BHB kina Buan at Martin; at pagkuha ng *humanitarian and peace mission* mula sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ng kautusang itigil ang mga operasyong militar at pag-urong ng pwersa mula sa ilang lugar sa rehiyon.

Sa halip na bigyang-pabor itong Memorandum ng Pag-uunawaan at kamtin ang madaling solusyon para sa pagpapalaya ng mga bihag ng digma, iniutos ng GRP ang walang patumanggang mga operasyong laking-brigada sa ilalim ng Southern Luzon Command at ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army. Bukod sa hinahadlangan nito ang maayos na pagpupulong ng Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng NDFP para bigyang-kunsiderasyon ang Memorandum ng Pag-uunawaan, sinasalanta nito sa malakihang paraan ang kabuhayan at mga karapatan ng mamamayan sa Timog Katagalugan.

Pinakilos ng GRP sa tinaguriang mga operasyong pagliligtas ang Task Force (TF) Banahaw, TF Seagull at TF Panther at ng 201st Bde ng 2nd Infantry Division.


Direktang kabaligtaran ng mahusay na pagtrato ng BHB kina Buan at Martin, at kontra sa mga alituntunin sa digma, walang awang pinahirapan at pinatay ng mga pasistang aso ng 5th Scout Ranger Coy at 49th IB si Ka Sixto (Armando Cerna Jr., 45) matapos madakip sa isang labanan sa Victoria, Oriental Mindoro noong Enero 29 (*tingnan ang kaugnay na artikulo*).

Ang pagdakip kina Buan at Martin ay isang makataong hakbangin ng BHB. Taliwas sa patakaran ng GRP ng pagkulong at pagsampa ng mga gawang kasong kriminal o pagpapahirap at pagpatay sa kanilang mga nadakip, patakaran ng BHB na arrestuhin bilang mga bihag ng digma ang sinumang madadakip o susuko sa mga labanan.

Binibigyang-galang ng BHB ang karapatan ng mga bihag ng digma alinsunod sa mga internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma. Kinikilala ang kanilang karapatang magtanggol sa sarili sa isang makatarungang paglilitis. Ang desisyong palayain ang mga bihag ay maaaring buuin batay sa mga kunsiderasyong makatao at pulitikal.

Dahil sa pagmamatigas ng rehimeng US-Estrada na lutasin ang suliranin ng mga bihag ng digma sa pamamagitan ng walang rendang mga operasyong militar, sa halip na sa madaling paraan ng negosasyon, ang pagpapalaya kina Major Buan at P/Chief Inspector Martin ay maaantala nang husto. Responsibilidad ni Estrada kung dahil sa mga operasyong ito ay masaktan ang mga bihag ng digma pati na ang mga nag-aalaga sa kanila. Habang hindi positibong tinutumbasan ng reaksyunaryong rehimen ang mga hakbangin ng NDFP, maaaring bawiin ng NDFP *negotiating panel* ang pag-endorso nito sa kahilingan ng *humanitarian and peace mission*. Habang nasa pangangalaga ng BHB ang mga bihag ng digma, nananatili ang karapatan ng BHB na patuloy na imbestigahan ang mga ito para sa posibleng paglilitis. **AB**

# 13 taktikal na opensiba ng BHB sa Timog Katagalugan noong 1999, lahat tagumpay!



**S**a diwa ng lubusang paglaban sa Oplan Makabayan ng rehimeng US-Estrada at pagsulong ng pakidigmang gerilya sa isang bago at mas mataas na antas, inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa limang prubinsya ng Timog Katagalugan ang pitong reyd, isang ambus, dalawang operasyong isparo at isang espesyal na taktikal na opensiba. Sa mga opensibang ito, umani ang BHB ng 25 matataas na kalibreng armas, isang M72-A2 (*anti-tank weapon*) at 22 maiiksing baril. Kinumpiska rin ng Hukbo ang mga kagamitang pangkomunikasyon, pinarusahan ang isang upisyal ng pulisia at binihag ang dalawang upisyal ng AFP at PNP. Pinakasusing salik sa tagumpay ng bawat taktikal na opensibang ito ang suporta ng malawak at malalim na baseng masang patuloy na tumatangkilik sa Hukbo at nagdiriwang sa mga tagumpay nito.

**Enero 7.** Nireyd ng isang platon ng BHB ang detatsment ng PNP sa Barangay Pagbahan, Sta Cruz, Occidental Mindoro. Nasamsam ang isang M16 at isang kalibre .45 baril. Ipinadala sa ospital ang nasugatang pulis at sinilaban ang detatsment pagkatapos. Pagkalipas ng tatlong araw, binigo ng pwersang pangharang ng BHB ang pwersang panreimpors ng kaaway. Nasugatan ang isang Pulang mandirigma ngunit maayos na nakaatras ang mga kasama. Nagtagumpay ang pagpaparusa sa mga pulis na aktibong nagpapagamit sa despotikong malaking

panginoong maylupa na si Abeleda.

## Pebrero.

Pinarusahan ng BHB Company sa pagbayad ng karampanaryong buwis. ng BHB ang isang

ang JAC Liner tangging magtang rebolusyo-Sinunog ng isang timbus ng JAC Liner. Sa operasyong ito ay nakakumpiska rin ng isang kalibre .45 pistola sa isang pulis na sakay nito.


**Pebrero 13.** Nireyd ng isang platon ng BHB sa Silangang Batangas ang rantso ni Jejomar Binay, pinuno ng Metro Manila Development Authority, sa Barangay Bayawang, Rosario. Dinis-armahan ng BHB ang *private army* at mga bantay ni Binay na nandarahas sa mga manggagawa at mamamayan sa rantso at mga karatig na lugar. Ang reyd ay pagparusa rin sa pagtanggi ni Binay na magbayad ng rebolusyonaryong buwis.

Nakumpiska ang dalawang M16, isang M14, dalawang de-sabog, tatlong granada, tatlong *rifle grenade*, isang 9 mm, isang pistolang .380, dalawang .38, maraming bala at iba pang kagamitang militar.

**Mayo 6.** Nireyd ng pito-kataong yunit ng BHB ang bahay ni Captain Abarrientos ng Philippine Army sa Pangil, Laguna. Sa pamamagitan ng panlalansi, nakapasok ang BHB sa bahay ni Abarrientos bandang ika-7 ng gabi nang makumpirmang wala roon ang upisyal. Nakumpiska ang tatlong ripleng garan at isang *baby* M16 nang walang putukan. Nagpaliwanag muna ang mga kasama sa pamilya at iba pang tao roon at nagbabala

laban sa mga may armas na nang-aabuso sa masa.

**Mayo 14.** Alas-8 ng gabi ay sinalisihan ng isang iskwad ng BHB ang *bunkhouse* ni Navy Captain Togonon sa Sityo Absukot, Barangay Tubili, Paluan, Occidental Mindoro. Walang-hadlang na nasamsam ng mga kasama ang isang *baby M16*, mga bala, isang *baby chainsaw* at isang magasin ng .45. Pagparusa ito ng BHB sa grupo ng sindikato ng mga pirata na nambibiktim sa mamamayan sa bahaging Paluan hanggang Isla ng Lubang.



**Hunyo 10.** Inambus bandang 8:40 ng umaga ng isang iskwad ng BHB ang limang maton ng despotikong panginoong maylupa na si Ding Quintos sa Sityo Kasuy, Barangay Balansay, Mamburao, Occidental Mindoro. Ang mga maton ay responsable sa pagpatay at pagpapalayas sa mga magsasaka sa lupang kinakamkam ni Quintos. Kinumpiska ng BHB ang isang karbin, isang *shotgun* at isang .38.

**Hunyo 15.** Pinarusahan ng anim-kataong tim ng BHB si Brgy. Kap. Max Lemeta ng Barangay Calayo, at ang tatlo pa niyang kasamahan sa Barangay Wawa, Nasugbu, Batangas. Kinumpiskahan sila ng isang 9 mm at isang magasin. Ang apat ay responsable sa mga pagdukot at pagsalbeyds sa mga lider-magsasakang tumututol sa pagpapalayas sa kanila sa Hacienda Looc, Nasugbu.

**Hulyo 6.** Nagtagumpay ang espesyal na taktikal na opensibang pambibitag (*entrapment operation*) kay Army Maj. Noel Buan, hepe ng paniktik ng Southern Luzon Command (SOLCOM). Nadakip at mabilis na nailayo ng BHB si Buan mula sa Laguna. Napanatiling lihim ang pagkabimbin sa kanya hanggang ideklarang bihag ng digma noong unang linggo ng Disyembre.

**Oktubre 11.** Naglunsad ng isang operasyong paglilinis ang isang platon ng BHB sa dalawang magkatabing baryo na pinupugaran ng masasamang elemento. Dumiretso ang BHB sa Barangay Matipunso, San Antonio, Quezon at natagpuan ang target na kapitan ng barangay at ang anak nito. Boluntaryong ipinakita ng mag-ama ang kanilang .45 at 9 mm na baril nang malansi ng mga kasamang sila ay mga sundalong nag-iinspeksyon. Inilabas na rin ng mag-ama ang itinagong M16, M14 at kalibre .38 matapos mapilitan ang mga kasamang magpakilalang BHB. ►

## Malaking bigwas sa tinipong maliliit na tagumpay

**A** nimnapu't isang sugat sa akatawan ng kaaway ang idinulot ng iba't ibang maliliit na operasyon ng BHB sa Timog Katagalugan noong 1999.

Umabot sa 53 ang patay at mahigit 14 ang sugatan, kabilang ang mga sundalo, pulis, paramilitar at masasamang elemento.

Nakasamsam ang BHB ng apat na M16, dalawang M14, anim na .45, sampung .38, limang .22, isang pistolang 9 mm, walang *shotgun*, 25 iba't ibang magasin at mga bala. Dagdag pa, nakumpiska ng Hukbo mula sa kaaway ang tatlong radyong VHF, isang bangka, isang motorsiklo at iba pang kagamitan. Nakasamsam din ang BHB ng mga dokumento mula sa mga oportunistang taksil.

Sa panig ng Hukbo, isang Pulang mandirigma ang naging martir, at isa pa ang di malubhang nasugatan.

Ang mga operasyon ay kinabilangan ng mga opensibang naitransforma ng Hukbo mula sa depensiba, pagparusa sa maliliit na grupo ng mga oportunistang taksil, paggawad ng rebolusyonaryong hustisa sa mga may mabibigat na pagkakasala sa mamamayan at pagbigo sa mga tangka ng berdugong kaaway na wasakin ang rebolusyonaryong pagkakaisang umiiral sa mga baryo.

---

Halaw sa "Maliliit na taktikal na opensiba ng BHB sa iba't ibang prubinsya ng TK noong 1999", ulat ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng Timog Katagalugan

## Patuloy sa 2000

### Patuloy na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ang bungad ng Timog Katagalugan sa taong 2000.

Isang sundalo ng Philippine Army ang nasawi at dalawa ang malubhang nasugatan nang tambangan sila ng mga gerilya ng BHB sa Laguna nitong Pebrero 15. Ang tatlong sundalo na kabilang sa 9th Scout Ranger Coy ay lulan ng isang *Kennedy-type* na dyip nang sila'y ambisin sa haywey sa Barangay Amuyong, Mabitac, malapit sa hangganan ng Laguna at Rizal.

Samantala, tatlong elementong nagdulot ng pinsala sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang pinarusahan ng BHB nitong Enero at Pebrero. Dalawang kalibre .45 ang nasamsam mula sa mga operasyong ito.

Nitong Pebrero 6, pinarusahan ng BHB si Oscar Aldaba, alkalde ng San Teodoro, Oriental Mindoro. Si Aldaba ay dating *major* at upisyal-paniktik ng Philippine Army. Kabilang sa kanyang mga kontra-rebolusyonaryong krimen ang pagdukot sa isang dating Pulang mandirigma at pagpaslang sa isang lokal na lider masa.

Pinarusahan din si Capt. Henry Oben sa Sampaloc, Tanay, Rizal nitong Enero 15. Si Oben ay nakatalaga sa 2nd Infantry Division na nakabase sa Camp Capinpin sa Tanay. Nakumpiska mula kay Oben ang isang .45.

Nitong Enero 4 naman ay pinarusahan si PO2 Tito Corpuz sa Barangay Fatima, Mamburao, Occidental Mindoro. Si Corpuz na kabilang sa Provincial Police Mobile Group ay sangkot sa mga gawaing paniktik. Nasamsam mula sa kanya ang isang .45. **AB**

► Nasamsam pa ang isang M1 karbin, isang 9 mm at dalawang radyong pangkomunikasyon.

**Oktubre 22.** Pinarusahan ng anim-kataong tim ng BHB ang hepe ng pulisa ng San Teodoro, Oriental Mindoro na si P/Insp. Leodecario Turno habang papauwi siya sa kanyang istasyon. Nasamsam sa kanya ang isang .45.


**Oktubre 30.** Nireyd ng isang iskwad ng BHB ang *compound* ng Keangnam Construction Company, isang kumpanyang Koreano sa Sta. Rosa, Mulanay, Quezon dahil sa pagtanggging magbayad ng buwis alinsunod sa mga batas ng demokratikong pamahalaang bayan. Labing-isang trak at iba pang kagamitang pangkonstruksyon ang sinilaban. Kinumpiska rin ang mga kagamitang pang-upisina.

**Nobyembre 1.** Inatake ng 12-kataong yunit ng BHB ang istasyon ng PNP sa Pola, Oriental Mindoro bandang ika-8 ng gabi. Agad nakuha sa *armory* ang dalawang M16, isang M14 at isang *anti-tank weapon* (M72-A2). Nakumpiska rin ng BHB ang dalawa pang .45, isang .38, isang 9 mm, mga bala at magasin, isang VHF *base radio*, isang *colored TV*, dalawang makinilya at iba pang kagamitang militar.

**Nobyembre 3.** Sorpresang inatake bandang tanghali ng pinaliit na platon ng BHB ang istasyon ng pulis sa Dolores, Quezon. Mismong ang naka-pistolang hepe, si PCI Abelardo Martin, ang agad na nadikitan at nalansi ng mga kasama.

Dinis-armahan ang hepe at ang dalawa niyang tauhan habang sinasamsam ang mga sandata at ibang gamit militar. Nakontrol ng mga kasama ang bayan sa loob ng 10 minuto nang maipwesto sa kani-kanyang gawain ang iba pang elemento ng platon. Binihag ng BHB si Martin.

Nakumpiska sa reyd na ito ang limang M16, isang M14, dalawang 9 mm, apat na .38, apat na *rifle grenade*, mga bala, dalawang *base radio* (HF at VHF), isang VHF *handheld radio*, isang *colored TV* at mga kagamitang militar. **AB**



*Halaw sa ulat ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng Timog-Katagalugan:*

# Muling paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa Negros

**Sinalubong ng BHB sa Negros ang bagong milenyo sa pamamagitan ng paglulunsad ng matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa mga pasistang tropa at armadong *goons* ng mga reaksyunaryong kaaway.**

Natupad ang kaytagal nang hinahangad ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa mula pa noong 1994-99!

Nitong Pebrero 5, isang sundalo at anim na elemento ng Civilian Armed Auxiliary (CAA) ang inambus ng yunit ng BHB sa Namolo 2, Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental bandang 5:15 ng hapon. Napaslang si Cpl. Domingo Romero ng 11<sup>th</sup> IB at dalawang CAA. Isang CAA ang sugatan at tatlo ang hinayaang makatakas.

Nagulantang at hindi nakapanlaban ang kaaway. Lasing sila habang naglalakad mula sa sugalang kunwa'y pinoproteksyunan nila subalit kinikikilan tuwing Sabado. Apat na M14 at mga bala ang nakumpiska mula sa 10-minutong engkuento.

Ang inambus na yunit ay bahagi ng mga tropa ng detatsment ng mga sundalo sa Tilangkoy na ginagamit ng mga *warlord* gaya ni Alfredo Montelibano Jr. Ang yunit ay kinakanlong ni Montelibano upang manligalig sa mga magbubukid sa lugar.

Nitong Enero 11, bandang 11:30 ng umaga, matagumpay na dinis-armahan ng isang yunit-gerilya ang pribadong *goons* ng despotikong mangangamkam ng lupang si Mr. Yap ng Guihulngan, Negros Oriental. Hindi nakapanlaban ang mga maton. Isang de-sabog at apat na .38 ang kinumpiska mula sa kanila.

Ipinapakita ng mga tagumpay na ito na tanging sa armadong pakikibaka epektibong nalalabanan ang pinaiiral na "kapayapaan" ng mga reaksyunaryo.


Sa Negros, ang mga reaksyunaryo ay kinakatawan pangunahin ng paksyong Cojuangco. Ang alyansa ng Cojuangco-Maranon-Zayco sa ilalim ng United Negros

Alliance (UNA) sa Negros Occidental at ang kasabwat na paksyong Paras sa Negros Oriental ay isang alyansa ng mga kroni ni Marcos, *warlord* at *druglord* na naglalayong maghari sa lokal na ekonomya at pulitika. Ang promosyon ng berdugong kumander na si Julius Javier bilang pinuno ng 3<sup>rd</sup> ID at ang pagbabalik niya sa dating kumand ng kriminal na batalyong 11<sup>th</sup> IB, ang nagkumpleto sa pasistang makinaryang pulitiko-militar ng mga reaksyunaryong naglalayong pahabain pa ang madugong kasaysayan ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan ng Negros.

Kyat wasto lamang na ipagdiwang ng malawak na mamamayan ang muling paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa Negros. Panahon na para sa mga pinagsasamantahan at inaapi na igit ang kabayaran mula sa mga reaksyunaryong panatiko na may utang na dugo, gaya ni Cojuangco at iba pang mga kumprador at panginoong maylupang kroni ng Marcos.

Ang muling paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ay panawagan din sa mga myembro ng CAFGU at mga karaniwang kawal ng AFP-PNP na magbitiw o lihim na umugnay at makipagkaibigan sa BHB upang sekretong makipagtulungan sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Nananawagan din kami sa mga kasapi ng RPM-RPA-ABB na itakwil at iwanan ang bandidong pamunuang Tabara-Calizo-dela Cruz-de los Reyes, mga kainuman ni Estrada. Sapul pa noong 1993 ay inabandona na nila ang armadong pakikibaka at gumagamit lamang ng mga armadong yunit upang pagtakpan ang kanilang pagiging kontra-rebolusyonaryo. **AB**



*Halaw sa pahayag ni Bayani Obrero ng BHB- "Boy" Gatmaitan Command sa Isla ng Negros, Pebrero 10, 2000*



# Lantarang pasista at teroristang paghahari ng rehimeng US-Estrada sa Timog Katagalugan

**H**indi na kailangang ideklara ng rehimeng US-Estrada ang batas militar dahil umiiral sa Timog Katagalugan ang lantarang pasista at teroristang paghaharing ala-Marcos. Walang patid ang mararahas na pananalakay ng mga pasistang tropang panagupa sa buong Timog Katagalugan. Wala nang inatupag ang siyam na batalyon ng Philippine Army (PA), tatlong batalyon ng Marines, dalawang espesyal na batalyon at Provincial Mobile Group (PMG) ng Philippine National Police (PNP) at ilang kumpanya ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit kundi ang magsagawa ng iba't ibang karumaldumal na krimen sa mga mamamayan ng rehiyon. Ang iba't ibang sektor ng masang anakpawis sa kanayunan at kalunsuran at iba pang mamamayan ng rehiyon ay saksi sa araw-araw na lansakang paglabag ng rehimeng US-Estrada sa mga karapatang-tao.

Ang mahabang listahan ng pasistang krimen ng rehimeng US-Estrada ay kinatatampukan ng pagmamasaker, pananalbeyds, iligal na pag-aresto, kriminalisasyon sa mga pinaghiihinalaang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), blokeyong pang-ekonomya, pambomboma at maramihang pagpalikas sa mga taumbaryo.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa matitingkad na kaso ng teroristang panunupil na inihasik ng rehimeng US-Estrada sa Timog Katagalugan noong 1999:

**Sa Quezon**, limang walang kalaban-labang mandirigma ng BHB ang pinagbabaril sa Baryo Calantas, Tayabas



noong Agosto 24, ganap na 7:00 ng gabi. Pawang namatay mula sa tama sa likuran sina Melinda de Castro, 36; Juanito Rocafort, 32; Teodoro Gonzales, 34; at Leo Mansit, 18. Si Marlon Cabrera, 25, na sugatan, ay hinuli at sapilitang dinala sa V. Luna Hospital. Tinakot siya at tinurukan ng kung anu-anong gamot ang kanyang swero. Ibayong kirot at hirap ang naranasan niya bago natagpuan ng kinatawan ng KARAPATAN. Kagagawan ito ng mga tropa ng 76th IB sa pamumuno ni Maj. Emmanuel Mendoza.

**Sa Laguna**, walang awang pinutol ang paa ng Pulang mandirigmang si "Ka Junard", na nasugatan sa isang labanang naganap sa Balian, Pangil, Laguna noong Mayo 6, 1999. Ayon sa mga doktor ay hindi naman ito kailangang gawin. Nahuli siya habang nagpapagaling na sa isang ospital sa Maynila. Krimen naman ito ng 16th ISU-ISG sa pangunguna ni Capt. Edgardo Cumahig.

**Sa Rizal**, laganap ang iligal na pang-aaresto, pagtortyur at sapilitang pagpapagiya sa kinaroroongan ng BHB. Noong Marso 5, 1999, tatlong pinaghiihinalaang gerilya ang hinuli, walang awang tinortyur at sapilitang ginawang giya. Naunang nahuli si Rocky Pajardo at sumunod sina Cayaon Calapang at Muay Sapiccio. Noon namang Setyembre 16, 1999, iligal na inaresto ang isang sibilyang nagngangalang Corante na taga-San Ysiro, Lunsod ng Antipolo. Tinortyur siya

at sapilitang pinagiya para ituro ang kampo ng BHB. Ang mga elemento ng 5th SRC sa pamumuno ni Lt. Eric Lycoco ang sangkot dito.

**Sa Batangas**, pinaslang si Ireneo Marasigan noong Enero 8, 1999 sa palengke ng Lunsod ng Lipa. Sinundan pa ito ng pagpatay noong Pebrero 15, 1999 kay Lodrigo de Guzman, taga-Abong, San Juan at kasapi ng Partido sa lokalidad.

Minasaker naman noong Mayo 12, 1999 ng 20<sup>th</sup> Special Forces Company sa pangunguna ni Sergeant Batayola ang apat na sibilyan sa Sityo Malabnig, Balatbat, Lobo. Walang habas na pinaputukan ang bahay ni Flaviano Cortas na ikinasawi niya, ng dalawa niyang anak at ng kanyang bayaw na si Nilo Palalay, 25.

Noong Disyembre 27, 1999, si Naning Hernandez, isang lider magbubukid ng baryo Hukay, Calatagan ay pinatay ng isang bayarang maton na protektado ng militar at ng alkalde ng Calatagan.

**Sa Occidental Mindoro**, walang awang pinaputukan ang mag-iná ni Roger Aloro na ikinasawi ng kanyang siyam na buwang anak at isang pinaghahihinalaang myembro ng BHB sa Sityo Prubinsya Agaton, Tanyag, Calintaan noong Oktubre 26, 1999. Mga elemento ng Regional Mobile Group at 407<sup>th</sup> PPMG ng PNP sa pamumuno nina P/Col. Rolando Ravara at P/Insp. Victor Jaycees S. Tolentino ang may kagagawan nito.

Iligal namang hinuli at tinortyur si Lunching, 26 na taong gulang, isang dating mandirigma ng BHB na taga-Alacaac, Sta. Cruz, Occidental Mindoro. Siya'y kinuryente at halos isang buwang ikinulong ng *composite team* ng 76<sup>th</sup> IB na pinamumuan ni Lt. Felixberto Ama. Sa lugar ding iyon, iligal na inaresto at tinortyur si Violy Alcantara, 40. Tinakot siya at pinaaaming tagakupkop ng BHB.

**Sa Marinduque**, walang awang pinagbabaril ng mga elemento ng 74<sup>th</sup> IB ang isang matandang lalaki at

ang kanyang tatlong taong gulang na apo sa kabilang pagmamakaawang sila ay sibilyan. Nakaligtas ang bata dahil pinatakbo ng matanda. Naganap ito noong Abril 2, 1999 sa Momog, Marinduque.


**Sa Palawan**, noong Hunyo 21, 1999, nasu-

gatan si Norjury Unggong na may-ari ng bahay na pinangyarihan ng isang labanan sa pagitan ng BHB at Philippine Marines. Sa binti ang tama nito pero pinutol hanggang tuhod ang kanyang paa sa WESCOM Hospital (Western Command). Naganap ang labanan sa Sityo Maligaya, Aramaywan, Narra.

Ang 21<sup>st</sup> Marine Coy ng 1<sup>st</sup> Marine Battalion Landing Team sa pamumuno ni Lt. Col. Ariel Querubin na nakabase sa Abu-abo, Sofronio Espanola, Palawan ang may pakana nito.

**Sa Cavite**, hinuli noong Hulyo 15, 1999 ang dalawang pinaghahihinalaang myembro ng BHB na sina Francisco Morillo, 20, na taga-Kaong, Silang at Francisco Arpia, 46, na taga-Barangay Burgos, Mulanay, Quezon at mula noon ay hindi na nakita. Kasama nilang nabihag si Rolando Torres na nakalaya makalipas ang ilang araw. Naganap ito sa Barangay Talipusng, Maragondon. Katulad ito ng ginawa nilang paghuli at di pagpapalitaw kina Danilo Caisip, 43 at Jason Nieva 19, noong Disyembre 8, 1998 sa Kaybanban, Cayrilao, Nasugbu. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin nakikita ang kanilang katawan. Ang sangkot dito ay ang mga elemento ng PNP at pribadong armadong grupo ni Mayor Filomeno Maligaya Jr. (dating Sergeant Maligaya na sangkot sa pagpatay kay Ka Lando Olalia at Leonor Alay-ay) ng Magallanes, Cavite. Sangkot din si PPAG Col. Rustico Francisco.

**Sa Romblon**, noong Setyembre 18, 1999, sa Baryo Matutuna, San Andres ay pinaulanan ng bala ang isang bahay matapos mapaslang si Ka Aljun o Felix Dumalagan ng mga tropa ng 412 PMG ng Romblon sa pamumuno ni Police Chief Inspector de Villa at Police Inspector Miranda. Pinalabas sa bahay na nakataas ang mga kamay, pinahilera, pinasandal sa pader at pinapaghubbud ang mga lalaki. Ang mga hinuling sibilyan ay sina Ronnie Fajilagot, Walter Ortega, Virgilio Mani at Rustico Mijares. Dalawa lamang ang mandirigma ng BHB sa mga nahuli (Emma Montoya at Joemari Gusi na malubhang nasugatan sa dibdib) pero ibinilanggo pa rin ang mga sibilyan nang walang taning. Kasunod na sinalbeyds nila ay si Ka Alvin, 18, o Raymond Magbata Manggao sa Barangay Cabulutan, San Agustin, Romblon.





**Sa Oriental Mindoro**, maluhang pininsala ang pamayanan ng mga Mangyan ng isinagawang *strafing operation* ng mga tropa ng Alpha Coy ng Recon Bn

sa pamumuno ni Captain Pipit at ng Marines sa pamumuno ni Captain Montojo at 1Lt. Coronel sa ilalim ng Task Force Seagull na pinamumunuan ni Col. Carlito Gamit. Naganap ito nitong Enero 20 sa Sityo Tambangan, Barangay San Juan, Bulalacao. Nasira ang kanilang mga ari-arian at tinakot sila na huwag magpapatuloy ng BHB. Pasistang teror sa mga Mangyan ang ibinunga nito.

Duguan ang kamay ng pasistang rehimeng. Ang terorismong hasik ng Oplan Makabayan ay ibayong nagpapalala sa hirap nang kabuhayan ng masa sa Timog Katagalugan.

Subalit ang lantarang pasistang pananalakay ng rehimeng sa mamamayan ng rehiyon ay utang na pagbabayaran nang mahal ng mga pasista. Ayon sa Melito Glor Command: "Ipagpapatuloy ng lahat ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng MGC ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba upang ipakita sa rehimeng US-Estrada na hindi niya kayang takutin ang mamamayan ng rehiyon Timog Katagalugan. Malinaw na malinaw na sa mga mamamayan ng rehiyon na ang kanilang hinahanap na katarungan sa mga paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng US-Estrada ay makakamit lamang kapag nagtagumpay na ang demokratikong rebolusyon bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan." **AB**

*\*Halaw sa pahayag ng Melito Glor Command*

**Armando 'Ka Sixto' Cerna Jr.**

## **Biktima ng kalupitan ng AFP**

**S**a usapin ng mga bihag ng digma, lubos na magkasalungat ang pamantayan ng rebolusyonaryong kilusan at ng reaksyunaryong estado. Kung paanong tinatrato nang mahusay ng pambansademokratikong kilusan ayon sa internasyunal na makataong batas sina Maj. Noel Buan at PCI Abelardo Martin, buong kahayupan namang pinahirapan at pinaslang si Kasamang Armando Cerna Jr. (Ka Sixto) ng mga pasistang tropa.

Nasugatan sa isang labanan si Ka Sixto. Tinamaan siya sa braso matapos i-reyd ng 5th Scout Ranger Company (SRC) at 49th IB ang tinitigilang bahay ng yunit na kinabibilangan ni Ka Sixto. Naganap ito bandang 5:30 ng umaga nitong Enero 29 sa Sityo Mainaw, Barangay San Antonio, Victoria, Oriental Mindoro.

Nang mahuli siya at makilala, iniutos ni 1Lt. Samuel Manzano, pinuno ng 5th SRC na huwag gamutin at hayaang maibusan ng dugo upang mamatay. Dahil nga sa braso lamang ang tama ng kasama, nainip ang pasistang tropa kaya binali ang kanyang leeg upang mapadali ang pagkamatay. Sa pag-aakalang patay na si Ka Sixto, itinali siyang parang baboy.

Dinala sa poblasyon ng Victoria ang kanyang hubad na katawan at ibinilad sa plaza mula umaga hanggang tanghali. Naghihingalo pa si Ka Sixto nang dalhin ng 5th SRC sa may basurahan upang ipalibing. Subalit bago nagawa ang paglilibing, nahabol ito ng mga myembro ng organisasyon sa karapatang-tao at nakuha ang katawan.

Nang dalhin ng organisasyon si Ka Sixto sa puneraya, tinanggihan ng embalsamador na ayusin ang kanyang katawan dahil gumagalaw pa ito. Sinikap na sagipin ang buhay niya subalit namatay din ang magiting na mandirigma.

Nang madakip, malinaw na si Ka Sixto ay *hors d'combat* (walang kakayahang lumaban) at dapat magtama sa karapatang tulad ng isinasaad sa mga internasyunal na batas sa digma. Siya ay biktima ng kalupitan ng rehimeng at martir ng rebolusyon.

Nangyari man ito, ipagpapatuloy pa rin ng rebolusyonaryong kilusan ang mahusay na pagtrato kina Major Buan at Chief Inspector Martin dahil walang bahid ng pagkukunwari at panlilinlang ang patakaran ng rebolusyonaryong kilusan sa makataong pagtrato sa mga bihag ng digma. **AB**

# Ibayong militarisasyon ng Gitnang Luzon



**T**untungan para sa ibayong militarisasyon ng Gitnang Luzon ang malawakang pagsasanay-militar ng mga tropang Amerikano at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na tinaguriang "Balikatan 2000".

Nagmistulang garison ang rehiyon nang dumagsa rito mula huling linggo ng Enero ang 2,380 tropang Amerikano mula sa mga base militar ng US sa Okinawa, Japan at sa Pacific Command sa Hawaii upang lumahok sa naturang mga *war game*. Kasama nila sa pagsasanay ang 2,383 tropa ng AFP.

Sentro ng pagsasanay na gaganapin hanggang Marso ang mga dating baseng militar ng US sa Clark (Pampanga) at Subic (Zambales) at ang kampo ng AFP sa Fort Magsaysay, Laur, Nueva Ecija. Bukod rito, may nakatakdang *naval exercises* sa Cavite at Palawan.

Dahil sa lantad at matinding pagtutol ng mamamayan sa Balikatan, nagkandarapa ang mga upisyal at tauhan ng AFP sa pagtitiyak ng kaligtasan ng mga tropa ng US. Mahigit isang buwan bago maganap ang Balikatan ay nag-operasyon na ang AFP upang "linisin" ang rehiyon para sa mga *war game*.

Malawakang operasyong militar ang isinagawa sa hangganan ng Zambales, Pampanga at Bataan mula Disyembre 4 hanggang Disyembre 23, na tahasang paglabag sa tigil-putukang idineklara ng rehimeng Estrada para sa Kapaskuhan. Sa pamumuno ng 7th ID, sinuyod at blinokeyohan ng isang kumpanya ng Special Action Forces (na pinamunuan ng isang Major Marzan) at mga tropa ng 24th IB, 68th IB, 69th IB, 71st IB, Division Training Unit, 703rd Bde at Intelligence Service of the AFP ang kabundukan at mga paanan ng mga bundok ng San Marcelino at San Felipe sa Zambales; Dinalupihan sa Bataan; at Floridablanca, Lubao at Porac sa ►

Tumitinding pasismo sa kalunsuran

## Mararahas na dispersal at pambubuwag ng welga

**K**asabay ng mga agresibong pagsalakay ng pasistang militar at pulis sa masa at rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan, atake-militar din ang tugon sa makatarungan at mga lehitimong adhikain ng mga progresibo at ligal na demokratikong pwersa sa kalunsuran.

Nitong Pebrero 12, sa utes ni Chief Supt. Edgardo Aglipay, hepe ng PNP-National Capital Region, marahas na binuwag ng mga pulis ang piketlayn ng mga nagpuprotestang empleyado ng Manila Hotel. Marami sa kasapi ng Manila Hotel Employees' Association (MHEA) ang nasaktan sa pagbuwag na isinagawa ng may 150 pulis ng Western Police District, Central Police District at Special Weapons and Tactics Team. Labindalawa naman, kabilang ang presidente ng MHEA na si Ferdinand Barles, ang hinuli at kinasuhan.

Sa kabilang karahasang ito, nagtuluy-tuloy ang protesta ng mga empleyado ng



M a n i l a Hotel at mga taga-suporta nito. Ngunit sadyang kamay na bakal ang tugon ng rehimeng sa kanilang mga hinaing.

Nitong Pebrero 14, naulit ang marahas na dispersal sa kanila. Hinuli sina Crispin Beltran at Arnaldo Seminiano ng Kilusang Mayo Uno (KMU), Teddy Casiño ng Bagong Alyansang Makabayan at Peter Banatan, myembro ng MHEA.

Bago pa nito, binomba naman ng tubig ang 300 myembro ng KMU, Anakbayan at League of Filipino Students (LFS) sa tapat ng upisina ng Pilipinas Shell sa Makati noong Pebrero 4 habang naglulunsad ng pagkilos laban sa panibagong ►

# Ang pasistang pangkating Baguisa

**L**along nangangabulok ang latak ng lumang rebisyunistang partido. Sa ilalim ng pamumuno ni Pedro Baguisa, ang pangkalahatang-kalihim nito, ang lumang partido ay tuluyan nang pumaling sa pasismo. Katulad ng CAFGU at mga armadong anti-komunistang kulto, ang armadong grupo nito ay nagsisilbing pwersang paramilitar ng First Scout Ranger Regiment sa San Miguel, Bulacan, kumikilos laban sa Bagong Hukbong Bayan at nananalanta sa mamamayan.

Noong Oktubre 1999, isinuplong sa militar ng mga tukoy na lider at kasapi ng lumang partido sa Doña



Remedios Trinidad,  
Bulacan, ang pag-  
kilos ng isang yunit

ng BHB. Humantong ito sa pagkasawi ng dalawang mandirigma.

Kasabay ng mga tropa ng 7th Scout Ranger Coy, sinalakay ng mga armadong tauhan ng lumang partido ang isang kooperatiba ng mga Dumagat sa bahaging Ipo Dam. Tinakot nila ang masang katutubo at ninakaw ang saku-sakong bigas. Pinuntirya ang kooperatiba ng mga Dumagat na ginagamit ng mga katutubo upang makaligtas sa mga komersyante-usurerong dating kumukontrol ►

## Ibayong militarisasyon ...

◀ Pampanga. Bahagi ng operasyong ito ang panununog ng daan-daang bahay at ang maramihang pag-aresto at pambubugbog sa mga Aeta.

Gutom naman ang dinanas ng mga Aeta na taga-Sityo Palis, Baytan at Maquisquis sa Loob Bunga *resettlement area* sa Botolan, Zambales nang magblokeyo sa pagkain ang mga tropa ng Philippine Army nitong huling linggo ng Pebrero.

Ilandaang pamilyang Aeta rin ang napilitang lumikas mula sa kanilang mga tahanan sa Sityo Tarukan, Barangay Sta. Ana, Capas, Tarlac dahil sa kalapitan nito sa Crow Valley *bombing and gunnery range* na isa sa mga pinagdausan ng pagsasanay.

Sa kaugnay na pangyayari, nagsitakbuhan din ang mga taga-Talisayin, San Antonio, Zambales nang tamaan ng bomba ang kanilang baryo sa *naval exercises* na inilunsad malapit sa kanila nitong Pebrero.

Samantala, sa paligid ng Clark sa Lunsod ng Angeles, kahit mga karaniwang manlalako at maimili ay hinigpit ng mga awtoridad.

Ang bangis ng ginawang mga pananalakay ng AFP ay malinaw na paniniguro sa kaligtasan ng mga amo nilang imperyalista. Dapat puspusang ilantad at kundenahan ang walang habas na pagpapakawala ng AFP ng pasistang dahas laban sa mamamayan at ang sagad-sagarang pagpapakututa nito sa US. ▀

## Mararahas na dispersal ...

◀ pagtaas ng presyo ng langis. Pinagpapalo ng mga pulis ng *truncheon* ang mga demonstrador. Tatlumpo ang iniulat na nasaktan sa insidenteng ito.

Kasabay din nito ang marahas na dispersal sa mga nagraraoling estudyante sa harap ng embahada ng US. Pinagbabatuta ang mga estudyante sa kanilang ginawang pagtuligsa sa nagaganap na "Balikatan 2000".

Nitong Enero 27, apat ang inaresto sa rali sa Malakanyang matapos ang marahas na dispersal na ginawa ng mga pulis sa mga nagpuprotestang estudyante mula sa LFS, College Editors Guild of the Philippines, National Union of Students of the Philippines at Anakbayan. Hinihiling nilang itaas ang badyet sa edukasyon.

Sa harap mismo ng mga kongresista, pakaladkad namang inilabas ng mga bantay sa Kongreso ang mga aktibistang estudyante noong Enero 10 nang ipahayag nila ang kanilang pagtutol sa ginawang pagbawas sa badyet sa Unibersidad ng Pilipinas at iba pang pampublikong kolehiyo at pamantasan.

Ang tumitinding lantarang pasismo sa kalunsuran ang patakaran ng estado upang pahupain ang umaalimpuyong galit ng mamamayan. ▀

## Larawan ng bayaran at pusakal na berdugo

**I**sa na namang pusakal na berdugo ng batas militar na hinusgahan na ng kasaysayan ang ibinangong-puri ni Estrada.

Nitong katapsan ng 1999, ginawaran ni Joseph Estrada ng *presidential pardon* at iniutos ang pagpapalaya kay Norberto Manero, ang lider ng isang kilabot na pwersang paramilitar na naghasik ng terorismo sa timog-silangang Mindanao noong kasagsagan ng batas militar. Sinintensyahan si Manero ng habambahay na pagkabilanggo kasama ng pitong iba pa noong 1987 sa makahayop na pagpatay kay Fr. Tullio Favali, isang Italianong pari. Si Favali, na kura paroko ng

Kidapawan, North Cotabato, ay pinagbabaril nina Manero noong Abril 11, 1985 sa La Esperanza, Tulunan, North Cotabato. Ipinagyabang nila na pinatay nila si Favali upang magsilbing halimbawa sa mga pari at iba pang taong simbahang pinararatangan nilang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. ►



◀ sa pamimili ng kinakalap nilang yantok. Ilang lider ng lumang partido ang pangunahing mga komersyante-userong nagsasamantala sa mga katutubo sa lugar.

Noong Enero 21, pumasok ang 10 nakilalang mga pinuno at kasapi ng Aniban ng mga Manggagawa sa Agrikultura na nakabonet at nakaarmas sa ilang komunidad sa hangganan ng Norzagaray at Doña Remedios Trinidad, Bulacan at tinakot ang mga magsasaka at mangingisda roon. Isang pinaghahinalaan nilang sumusuporta sa BHB ang kanilang iginapos, binugbog at pinilit na magturo sa yunit ng BHB. Kinabukasan, tinambangan nila ang isang tim ng BHB na lumaban at ligtas na nakaatras.

Sa kasalukuyan, patuloy na nanliligilig sa hangganan ng dalawang bayang ito ang pasistang pangkatin ng lumang partido. Patuloy silang nakikipagsabwatan sa mga tropa ng AFP at PNP sa panliligilig sa mamamayan sa iba't ibang bahagi ng Sierra Madre sa Bulacan.

**L**ubusan nang nalantad at nangabulok ang lumang partido matapos itong malunod sa rebisyonismo at nang tahasan itong sumuko at makipagsabwatan sa diktadurang US-Marcos noong 1973. Gayunpaman, noong huling bahagi ng dekada '80, dahil sa ating pag-aatubili sa linyang anti-rebisyonista at sa ibinunga nitong Kanang oportunistang pakikipag-alyansa sa mga anti-komunistang grupong petiburges, nabigyang-

pagkakataon ang lumang partido na pagtagpi-tagpiin ang kanilang gulugulanit nang reputasyon at ipagsiksikan ang kanilang sarili sa hanay ng demokratikong kilusan.

Pansamantala silang nagdiwang, kakoro ng reaksyunaryong rehimen at ng mga anti-komunistang grupong petiburges, nang ilarga ang todo-todong anti-Partidong operasyong demolisyon noong 1993. Subalit sa pamamagitan ng muling pagpapatibay sa paninindigang anti-rebisyonista at sa mga saligang prinsipyong Marxista-Leninista-Maoista, at sa muling pagsiglang rebolusyonaryong pakikibaka, matalas na nailalantad ng Partido ang kabulukan at pagkabangkarote ng lumang partido, sampa ng rebisyonismo at oportunismo ng mga elemento at maliliit na grupong anti-komunista.

Sa kasalukuyan, ang labi ng lumang partido ay isang papaliit na kaharian ng mga oportunistang lider nito. Nagkakasya na lamang ito sa ilang lugar sa Bulacan, nakikipagsabwatan sa kontra-rebolusyonaryong kampanya ng militar at nananalanta sa mamamayan. Ang pag-aastang komunista ni Baguisa at pagdurugtung-dugtong niya ng mga salitang "Marxista-Leninista", ay desperadong pagtatangkang ikubli ang kanyang pagkahulog sa pasismo at pagyuko sa imperyalismo at reaksyon.

Subalit gaanupaman kahaba ang hibla ng mga kasinungalingang hahabiin ni Baguisa, hindi na niya maitatago ang kanyang pagiging balat-ahas. AB

Si Manero, pati na ang kanyang amang si Norberto Sr. at pitong kapatid na lalaki, ay naging kasapi ng kilabot na Ilaga na namayagpag noong dekada '70 hanggang kalagitnaan ng dekada '80.

Nagsimula ang Ilaga bilang isang grupo ng mga ordinaryong magsasaka na nais magtanggol sa sarili laban sa terorismo ng Black Shirts/Barracuda na itinatag ng mga reaksyunaryong pulitiko at panginoong maylupang Moro noong huling bahagi ng dekada '60. Sinakyan at ginatungan ng mga lider ng Black Shirts/Barracuda ang tensyon sa pagitan ng mga magsasakang Moro at setler na Kristiyano kayat ginamit ang grupo upang maghasik ng terorismo laban sa mga setler.

Pagsapit ng batas militar, sistematikong ginamit ng pasistang rehimen ang Ilaga bilang teroristang pwersa laban sa Moro National Liberation Front (MNLF) at Bagong Hukbong Bayan. Alinsunod rito, isinanib ang Ilaga sa Integrated Civilian Home Defense Force o ICHDF.

Bahagi ng madugong rekord ni Manero ang pagmasaker noong 1977 sa humigit-kumulang 200 katutubong Singgil, Kalagan (mga tribung Moro), B'laan at Manobo sa hangganan ng Davao del Sur at South Cotabato. Naganap ang masaker pagkatapos ng isang laban sa pagitan ng MNLF at pinagsanib na mga pwersa ng 5<sup>th</sup> at 7<sup>th</sup> IB ng Philippine Army at mga Ilaga-ICHDF.

Pinaniwalaan ng militar na may kampo ang MNLF sa lugar at baseng masa ng huli ang mga naninirahan doon. Tinipon ni Manero sa isang eskwelahan ang mga sibilyan para magdaos umano ng usapang pangkapayapaan. Karamihan ng mga natipon ay mga bata, matatanda at kababaihan, kabilang ang ilang buntis. Nang paulanan sila ng bala ng mga sundalo at Ilaga, halos sabay-sabay na nangabuwang mga biktima na parang mga saging na pinatumba ng malakas na bagyo. Ang karamihan ng mga minasaker ay pinugutan ng ulo at tinanggalan ng tainga na ginawang anting-anting ng mga salarin.

## ANG ILAGA-ICHDF SA ILALIM NI MANERO AY NAGING INSTRUMENTAL SA PAGPAPALAYAS AT PAGHAHASIK NG TERORISMO LABAN SA MGA MAGSASAKANG INAGAWAN NG LUPA NG NDC-GUTHRIE SA AGUSAN DEL SUR AT SURIGAO DEL SUR AT PROSPERIDAD AGRICULTURAL CORP. NI DANDING COJUANGCO.

Pagkatapos ng masaker na ito pormal na binansagan ng militar si Manero bilang Kumander Bucay, isang kilabot na mamamatay-tao na kinamumuhian ng mamamayan, Moro man o hindi. Samantala, dahil sa kanyang pagiging pusakal na mersenaryo, inupahan na rin si Manero ng mga pulitiko at mga korporasyong multinasyunal upang takutin ang mga magsasakang nais nilang agawan ng lupa. Kasabay ng "Lost Command" na pinamunuan ni Col. Carlos Lademora, ang Ilaga-ICHDF sa ilalim ni Manero ay naging instrumental sa pagpapalayas at paghasik ng terorismo laban sa mga magsasakang inagawan ng lupa ng NDC-Guthrie sa Agusan del Sur at Surigao del Sur at Prosperidad Agricultural Corp. ni Danding Cojuangco sa Agusan del Sur.

Sangkot din ang mga Ilaga sa maraming kaso ng arson, panggagahasa, pananakot at iba pang paglapastangan sa mga karapatang-tao. Sa isang panayam, inamin at ipinagmalaki ni Manero na umaabot sa 500 na ang bilang ng taong kanyang pinatay.

Mariing kinundena ng Catholic Bishops Conference of the Philippines ang pagpapalaya kay Manero at iginiit kay Estrada ang pagbawi sa *presidential pardon*. Binatikos din ito ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Marami ang naniniwalang kahit medyo may edad na si Manero ay maaari pa rin itong makapaminsala sa mamamayan.

**H**indi maitatatwa ang buktot na hustisya ng pinaiiral ni Estrada. Dapat ay pawiin sa alaala, aniya, ang malagim na karanasan sa ilalim ng batas militar. Alinsunod rito ang tangka niyang baligtarin ang katotohanan at parangalan bilang isang bayani si Marcos at ang pagpapawalang-sala niya sa pamilya at mga alipures ng kinamumuhiang diktador. Iniluluklok din niya sa matataas na katungkulang ang mga dating nanilbihan sa batas militar, at binibigyang-pabor ang mga nakinabang sa diktadura. Walang nakapagtataka sa paggawad niya ng *pardon* sa berdugong si Manero.

Samantala, 139 na bilanggong pulitikal ang patuloy na pinagdurusa ni Estrada sa piitan at kakutsaba niya ang pamilyang Marcos sa pagkakait ng indemnifikasiyon sa mga direktang biktima ng batas militar.

Tunay ngang walang katarungang maaasahan sa ganitong pamahalaan. **AB**

**HINDI  
MAITATATWA  
ANG BUKTOT  
NA  
HUSTISYANG  
PINAIIRAL NI  
ESTRADA.**

# Pagparusa kay Conrado Balweg

**N**oong Disyembre 31, 1999, pinarusahan si Conrado Balweg. Isinagawa ang pagparusa sa Barangay Buanao, Malibcong, Abra ng isang yunit ng Chadli Molintas Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Cordillera.

Mahaba ang listahan ng mga kasalanan ni Conrado Balweg laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan bilang pangunahing lider ng Cordillera People's Liberation Army (CPLA), isang pusakal na kontra-rebolusyonaryong pwersang paramilitar sa Cordillera.

Aktibong nagpapagamit si Conrado Balweg sa mga pasistang pakana ng rehimeng US-Estrada nang siya ay pinarusahan ng BHB. Katunayan, nagpunta siya noon sa Malibcong para ipatupad ang isang bisyosong pakana upang agawan ng kanilang mga lupang ninuno ang mga taga-Malibcong at papasukin ang dayuhang Newcrest Mining Corporation.

Sa isang pahayag, inilantad ng Chadli Molintas Command na noong Setyembre 1999 pa lamang ay plinano na ng CPLA na wasakin ang anumang mga pampulitikang istruktura at programang pang-ekonomyang naitatag ng rebolusyonaryong kilusan sa hilagang Abra. Para rito, tumanggap siya ng P5 milyon mula sa Countryside Development Fund ng senador at dating heneral na si Rodolfo Biazon. Apatnapu't apat na porsyento (44%) nito o P2.2 milyon ay kinurakot at dinala sa mga di tapos na "proyektong sosyo-ekonomiko" at ang ►

## Ilan sa mga kasalanan ni Conrado Balweg

Pagpatay kay Fr. Bruno Ortega, SVD noong Disyembre 1987 habang natutulog ito sa punong himpilan ng CPLA sa Cordillera House sa Lunsod ng Baguio. Ilang araw bago namatay si Ortega, balak na niyang bumalik sa rebolusyonaryong kilusan matapos niyang matanto ang kanyang malaking pagkakamali sa pagsama sa grupo ni Balweg.

Pagdukot at pagpatay noong Oktubre 6, 1987 kay Daniel Ngaya-an, pinuno ng Cordillera Bodong Association at myembro rin ng Komiteng Tagapagpaganap ng Cordillera Peoples' Alliance (CPA). Hayagang ipinagmalaki ni Balweg ang kanilang pagpatay kay Ngaya-an.

Pagdukot, pagtortur at pagpatay kay Romy Gardo, isang organisador ng CPA, noong Disyembre 28, 1987.

Pagpatay sa pamamagitan ng *firing squad* kina Jonathan Bisnan at Tito Babasa, mga magsasakang taga-Tubo, Abra noong 1987.

Pagpatay kay Benito Dang-aw ng Tubtuba, Tubo, Abra noong 1987.

Pagpatay sa dalawang matandang taga-Salegseg, Balbalan, Kalinga at dalawang batang taga-Balbalan din noong 1987.

Pagtortur at pagpatay kay Pagpag Afarag noong 1988.

Pagmasaker sa 16 na sibilyan at pagsira sa mga ari-arian ng masa sa Paco Valley, Apayao noong Marso 1987.

Paglikida sa dalawang Pulang mandirigma ng BHB na walang kakayahang lumaban at nagpapagaling ng kanilang mga sugat sa Butot, Luba, Abra noong Pebrero 1988. Ginahasa rin ng mga tropa ng CPLA ang dalawang babaeng medik na nangangalaga sa mga pasyente.

Pagpatay kay Ayangwa Claver, anak ng dating Congressman William Claver sa Pinukpuk, Kalinga noong Enero 21, 1990. Kasama sa mga taga-CPLA na pumatay sa kanya ang mga tropang militar ng Armed Forces of the Philippines at mga maton ni Dominador Belac, na alkalde noon ng Pinukpuk.

Pagwasak sa mga proyektong pangkabuhayan ng mamamayan noong 1987 tulad ng mga kooperatiba sa Upper Tinglayan, Kalinga at ng isang *water-powered rice pounder* sa Ngibat, Tinglayan, Kalinga.

Pananakot sa mamamayan ng Ampucao, Itogon, Benguet na tumututol sa ginagawang iligal na pagtotoro ng CPLA sa kanilang lupang ninuno.

Iligal na pagpasok at panghahalughog sa mga tahanan at pangungumpiska ng mga ari-arian ng mga pamilya sa Abra na pinaghihinalaan nilang sumisimpatya sa BHB.

Paggamit ng armas upang takutin ang ilang tribu na baguhin ang hangganan ng kani-kanilang mga baryo pabor sa mga upisyal at elemento ng CPLA, tulad ng ginawa sa hangganan ng tribung Saclit at Butbut.

Pang-aagaw ng lupa sa Tabuk, Kalinga at sa Baguio.

Pananakot sa mga delegado sa Cordillera Day sa Tubo, Abra noong 1998.

Pagbabantang papatayin ang mga lider ng mga progresibong organisasyon.

◀ nalalabing P2.8 milyon ay para sa “counter-insurgency”. Ang Malibcong ang tinarget na gawing *pilot area* ng proyektong “Zone of Peace and Development” ni Biazon.

Kaughay ng huli, binalak ni Balweg na magpunta sa bawat baryo upang magtawag ng mga pulong masa laban sa BHB. Ninais niyang buwagin ang lahat ng pambansa-demokratikong organisasyon ng mamamayan sa Malibcong na binuo upang maipagtanggol nila ang kanilang lupa, buhay at mga rekursong ipaglaban ang interes ng maralitang mga uri at sektor. Pinangakuan ni Balweg ng P8,000 ang bawat lider at myembro na magtatakwil sa kani-kanilang mga organisasyon. Ang sinumang tumutol ay agad binabansagang mga komunista at tinutugis.

Bilang kapalit, binalak ni Balweg na itayo ang Bodong Development Cooperative, Inc. na makikisosyo sa Newcrest Mining Corporation.

Pinakahuli lamang ang mga ito sa mga kasalanan ni Balweg. Noong 1986-87 pa lamang ay tinalakay na ng mga kinaukulang organo ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kanyang mga kaso. Pinagsayahan na dahil sa bigat at dami ng kanyang mga kasalanan, kabilang na ang maraming utang na dugo, makatarungang gawaran siya ng parusang kamatayan. Makailang-ulit pa itong muling pinag-aranan at habang pumatong nang pumatong ang kanyang mga kasalanan ay makailang-ulit ding pinagtibay ang desisyon (*tingnan ang talaan*).

Noong Disyembre 31, nagkaroon ng katubusan ang paghuhumiay ng mamamayan ng Cordillera para sa katarungan laban sa mga krimen ni Balweg. **AB**

## Cagayan Valley

# Pagbaka sa konserbatismo at muling pagsulong



*Sa isyung Marso-Abril 1999, inilahala ng **Ang Bayan** ang artikulo hinggil sa matagumpay na pagbaka ng rehiyon ng Gitnang Kabisayaan sa konserbatismo sa armadong pakikibaka. Ang sumusunod na artikulo ay halaw sa ipinadala ng rehiyon ng Cagayan Valley (Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya at Quirino) at nagbabahagi rin ng mahahalagang aral hinggil sa kanilang pagbaka at pangingibabaw sa suliranin ito.*

**S**a kabilang maagap na pagyakap at pagtaguyod sa kilusang pagwawasto simula 1992 ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley, hindi agad nakabwelo ang iba’t ibang gawain sa rehiyon.

Taimtim na ninais iwasto ang dating adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod ngunit umiral naman ang konserbatismo sa larangan ng armadong pakikibaka at ligal na demokratikong kilusan bunga ng di sapat na pagsapol sa dialektikong relasyon ng iba’t ibang aspeto ng rebolusyonaryong gawain.

### Pangingibabaw ng konserbatismo

Matapos na mapagsaya ng iwasto ang adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod, nangibabaw mula 1997 ang konserbatismo bilang pangunahing balakid sa pagsulong ng mga rebolusyonaryong gawain sa rehiyon.

Hindi nasamantala ng mga rebolusyonaryong pwersa ang humuhusay na obhetibong kalagayan. Sa halip, papakitid ang mga baryo at bayang kinikilusan at papaliit ang bilang ng mandirigma at pormasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), mga cadre, kasapi at sangay sa lokalidad ng Partido at baseng masa. Ilang taon nang walang taktikal na opensiba. ►

Hindi nasapol na sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilyang nakabatay sa papalawak at papasinsing baseng masa, wasto at kinakailangang maglunsad ng mga taktikal na opensibang kayang ipagwagi. Isinasagawa ito kaalinsabay ng agresibong pagpukaw at pagpapakilos sa papalawak nang papalawak na bahagi ng mamamayan para sa rebolusyon.

Sa pagwawasto sa bertikalisadong pormasyon na buong panahong nasa gawaing militar, idineploy sa gawaing masa ang lahat ng yunit ng BHB na parepareho ang laki at walang tinukoy na tatayong sentro-de-grabidad.

Paisa-isa ang napasasampa sa hukbong bayan. Salik dito ang makitid na eryang nakikilusan, matamlay na gawain para sa rebolusyong agraryo, di masiglang pag-oorganisa sa hanay ng kabataan at, sa ilang yunit, pagdaragdag ng mas mataas na mga pamantayan sa pagpasampa.

Sa kabuuan ay matamlay ang pagpatupad ng minimum na programa ng rebolusyong agraryo bilang susing kawing ng mga gawain sa kanayunan. Ito'y kahit pa walang puknat at malala ang pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa masang magsasaka at mayaman ang karanasan sa rebolusyong agraryo sa malawak na kanayunan ng rehiyon.

Hinarap lamang ang mga usapin sa lupa sa pagitan ng masa ngunit hindi nabigyan ng karampatang diin ang pagpapanday ng pagkakaisa ng masang magbubukid laban sa mga panginoong maylupa.

May umiral na kaisipan na bago ilunsad ang rebolusyong agraryo, kailangan munang ilatag ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ipalaganap ang mga kursong masa sa malawak na saklaw. Hindi nasapol na ang mga gawain at pag-oorganisa, edukasyong masa at pagpapakilos ay may dialektikal na ugnayan sa bawat yugto ng pag-unlad ng kilusang masa.

Sa pagtatakda ng masyadong malawak na erya ng responsibilidad ng mga yunit ng BHB, maraming mga lugar ang di naikutan at napabayaan na lamang. Maraming pagkakataong ibinaba sa antas ng grupong pang-organisa (GP) ang pagkilos sa baryo sa kabilang pag-iral ng mga salik na angkop para sa mas mataas na antas. May mga kaso ring dinagdagan ang mga rekisito ng GP at binuwag o tumangging itayo ang mga komiteng pang-organisa at sangay ng Partido na nagdulot ng kabuuang pagbagal sa pagpapalawak at pagpapalakas ng mga organisasyong masa.

Sa kalunsuran, sa layuning iwasto ang mga naging pagkakamali sa pag-oorganisa, tanging ang pagtatayo ng mga lihim na organisasyon ang hinawakan at binitawan ang pagbubuo ng mga legal na pormasyon.

Napalampas din ang mga pagkakataong maglunsad ng mga aksyon masa dahil sa maling kaisipang magagawa lamang ito kapag nailatag na ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa malawak na lugar. Hindi nasapol ang dialektikong relasyon ng pagpapakilos at pag-oorganisa.


### Panibagong pagsulong ng pakikibaka

Huling kwarto ng 1998 nang tutuyin ng panrehiyong pamunuan ng Partido ang konserbatismo bilang pangunahing sagka sa pagsulong. Nanawagan ng pagbaka rito at pagsulong nang malaki. Masigla itong tinugunan ng mga rebolusyonaryong pwersa. Sa ikalawang kwarto ng 1999, nagrehistro na ang mga pаниmulang pagsulong sa mga larangang gerilya at kilusan sa lunsod at sentrong bayan.

Dumaraming yunit ng hukbong bayan ang mabilis na nakasasaklaw sa buong erya ng responsibilidad. Sa mga lugar na pinanghawakan ang rebolusyong agraryo bilang susing kawing sa pag-ugnay, pagmumulat, pagrekober at pag-oorganisa sa mamamayan, mabilis ang naging paglawak at pagbawi ng baseng masa. Mabilis na naitatayo sa buu-buong baryo at malalaking purok ang mga lihim na organisasyon ng magsasaka, kababaihan at kabataan.

Nagsisimula nang sumigla ang mga pakikibakang masa para ibaba ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at labanan ang pang-aagaw ng lupa ng mga burukrata kapitalista.

Sa unang hati pa lamang ng 1999, mahigit 300 pamilya sa iba't ibang baryo sa Isabela at Quirino



ang nabenebisyuan sa pagtataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng produkto ng mga magsasaka. Mga panimulang tagumpay ito ng rebolusyong agraryo.

Sa ikatlong kwarto ng 1999 ay dumoble ang laki ng organisadong masa mula sa dating bilang nito noong katusasan ng 1998. Dumoble rin ang bilang ng mga aktibista. Halos dumoble ang bilang ng mga komiteng pang-organisa at sa mas marami pang lugar ay hinog na ang kalagayan upang kagyat na mabuo ang mga ito. Itinatataas na rin ang mga lihim na selula sa hanay ng mga panggitnang pwersa sa kanayunan.

Muling umuugat ang Partido sa batayang antas. Dumarami ang naitatayo at muling napagaganang sangay ng Partido sa lokalidad na nadaragdag sa mga dati nang nakatayo.


Nagsisimula na muling dumagsa ang pagsampa sa BHB, laluna sa mga lugar na lumalarga na ang pakikibakang antipyudal. Pinakamasigla sa pagnanais na maging Pulang mandirigma ang mga kabataang organisado sa lihim at hayag.

Ang matagumpay na reyd sa isang detatsment ng PNP sa Barangay Pilitan, Tumauini, Isabela noong Hunyo 1999 ang bumasag sa matagal nang pagtigil ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon. Pagkatapos nito, sunud-sunod na ang mga taktikal na opensiba na tumutugon sa mga kongkreto pangangailangan ng gawaing rekoberi at rekonstruksyon.

Sang-ayon sa kasalukuyang antas ng pangangailangan, pangunahing tinarget ng mga aksyon militar ang mga espiya o tinaguriang *civilian informer* na may utang na dugo sa mamamayan at rebolusyon at mga dating kasapi ng BHB na nagtakas ng mga baril at nakipagsabwatan sa kaaway.

Limang aksyon pagpaparusa ang isinagawa mula Hulyo hanggang Oktubre. Ang mga pinarusahan ay dumaan muna sa paglilitis ng hukumang bayan. Tatlo namang espiya ang pinarusahan.

Sa isang engkwentro sa Jones, Isabela noong Setyembre 7, siyam na tropa ng 45th IB ang napatay. Isang mandirigma ng BHB ang nasawi sa nasabing



labanan. Isang iskwad ang napalabang yunit ng BHB at isang platan naman ang mga tropa ng AFP. Pagpapamalas ito ng mapanlabang diwa ng mga Pulang mandirigma.

### Pagsulong ng ligal na demokratikong kilusan

Muling sumusulong ang ligal na demokratikong kilusan sa Cagayan Valley. Ang magkakasunod na mga aksyon masang inilunsad mula Hunyo hanggang Oktubre ay paghahanda sa mas malalaking pagsulong sa pakikibakang masa.

Libu-libong magsasaka, kabataan-estudyante, propesyunal at taong simbahan ang lumahok sa mga pagkilos laban sa monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, pandarambong ng mga imperialista at burukrata kapitalista sa yaman ng bayan at pagsira sa kabuhayan ng masa, patuloy na pagtindi ng pasistang karahasan sa kanayunan, tangkang pagbago ng rehimeng Estrada sa Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas at komersyalizado at mapanupil na sistema ng edukasyon.

Mula Hunyo hanggang Hulyo 1999, magkasunod na aksyon masang nilahukan ng daan-daang magsasaka sa iba't ibang panig ng rehiyon ang idinaos upang tutulan ang *foreclosure* ng reaksyunaryong gubyerno sa mga lupang sinaklaw ng programang *operation land transfer*. Pitong barangay ang kagyat na nakinabang dito.

Nailantad sa malawak na bilang ng mamamayan ang kahungkagan ng programa sa reforma sa lupa ng reaksyunaryong gubyerno. Napalahok sa kilusang masa ang malaking bilang ng mga panggitnang pwersa. Lumawak ang impluwensya ng hayag na progresibong kilusan sa iba pang lugar.

Noong Agosto 1999, mahigit 200 estudyante ang nagrali sa tanggapan ng Commission on Higher Education sa Tuguegarao, Cagayan upang igiit ang mga demokratikong karapatan ng mag-aaral at tutulan ang pagtataas ng matrikula. Ito ang unang organisadong pagkilos ng mga mag-aaral simula 1995.

Noong Agosto 21 at Setyembre 21, 1999, daan-

# Pagpapalawak ng imperyong Ruso

**S**a ultra-nasyunalistang layuning ibayong palawakin ang imperyong Ruso, libu-libong tropa ng reaksyunaryong gubyerno ni Boris Yeltsin at Vladimir Putin ang muling pinalusob sa Chechnya noong Oktubre 1999 upang lipulin ang armadong pwersang Chechen, saklutin ang independyenteng republikang Chechnya at ipailalim ito sa Russia.

Sa walang patumanggang pambombombang mula Oktubre hanggang Disyembre 1999, libu-libong Chechen na ang nasawi at umabot na rin sa 118,000 mamamayan ang napilitang lumikas mula sa kanilang mga tahanan. Karamihan sa mga biktima ay mga sibilyang Chechen dahil sa pagsalakay ng Russia sa mga sentro ng populasyon at pagtarget sa mga sibilyan. Ang naunang simbangis na pagsalakay ng Russia sa Chechnya noong 1994 na epektibong nilabanan at pinaurong ng armadong lakas ng mamamayang Chechen hanggang 1996 ay kumitil sa buhay ng mula 40,000 hanggang 70,000 katao at nagbunsod sa paglikas ng aabot sa mahigit 300,000 mamamayan. Muli, ang malaking mayorya ng mga biktima ay mga sibilyang Chechen na nangamatay sa walang pagtatanging pananalakay at malawakang pambombombang



Russia.

Ang Chechnya ay isang maliit na bansang nasa timog-kanluran ng Russia at dating nakapaloob sa Soviet Union bilang bahagi ng Chechen-Ingush Autonomous Soviet Socialist Republic. Matatagpuan ang Chechnya sa rehiyon ng Caucasia, na nasa timog-silangang Europa. Nakaluklok din ang Chechnya sa hilagang dalisdis ng Caucasus, ang kabundukang pumapagitan sa Asya at Europa. Bukod sa Russia sa hilaga, kanugnog ng Chechnya ang Stavropol Territory sa hilagang kanluran, ang Republika ng Dagestan sa hilagang silangan at silangan, ang Georgia sa timog at ang Republika ng Ingushetia sa kanluran. ►

◀ daang magsasaka, kabataan at panggitnang pwersa ang dumalo sa iba't ibang anyo ng pagkilos laban sa tangka ng rehimeng Estrada na baguhin ang konstitusyon ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Noong ikatlong linggo ng Oktubre 1999, libu-libong magsasaka, panggitnang pwersa,

kabataan at taong simbahan ang naglunsad ng iba't ibang anyo ng pagkilos upang tuligsain ang konstruksyon ng planta at minahan ng karbon na sumasaklaw sa ilang bayan sa Isabela.

Panimula pa lamang itong mga pagsulong sa Cagayan Valley. Gayunma'y tiyak ang mas malalaking pagsulong sa pagpasok ng ika-21 siglo. ■

Karamihan ng mga naninirahan sa Chechnya ay mga mamamayang Nokhchii na katutubo sa rehiyon ng Caucasia. Mayroon silang sariling lenggwaheng kultura at mayorya sa kanila ay Muslim tulad ng

---

**ANG MGA TROPA NINA  
BASAYEV AT KHATAB AY  
PINOPONDOHAN,  
INAARMASAN AT  
SINASANAY DIN NG MGA  
IMPERYALISTA.**

---

yunistang rehimeng Gorbachov noong 1991, humiwalay ang Chechnya sa Ingushetia at humanay ito sa dating mga republika ng Soviet Union na nagdeklara ng independensya. Samantala, binuo ng rehimeng Yeltsin (na humalili sa rehimeng Gorbachov) ang Russian Federation na kina-bibilangan ng Russia at 20 republikang labi ng dating Soviet Union. Hindi kinilala ng rehimeng Yeltsin ang independensya ng Chechnya at ibinilang pa rin ito sa Russian Federation. Noong 1994, sinalakay ng daan-daan libong tropang Ruso ang Chechnya.

Noon pa man ay may estratehiko nang kahalagahan para sa Russia ang Chechnya. Kanugnog lamang nito ang Russia sa hilaga kung kayat nagsisilbing lagusan ang bansa para sa sinumang nagnanais na sumakop sa Russia mula sa timog. Mula noong ika-16 na siglo, pinag-agawan na ng Persia, ng Imperyo ng Ottoman at ng Tsaristang Russia ang territoryo ng Chechnya. Nagbunsod ito ng mga armadong kilusan laban sa mga dayuhang mananakop noong ika-18 at ika-19 na siglo, na kapwa dinurog ng mga Ruso. Pormal na sinaklaw ng Russia ang Chechnya noong 1859.

Nagkaroon ng ibayong halaga ang Chechnya at ang buong rehiyon ng Caucasia sa pagbungad ng ika-20 siglo nang makatuklas ng mayayamang deposito ng langis dito. Hanggang sa kasalukuyan, ang produksyon at pagrerepina ng langis ang nananatiling gulugod ng ekonomya ng Chechnya. Dahil sa yamang langis at estratehikong lokasyon ng Caucasia, pinag-aagawan ito ngayon ng Russia at ng mga imperyalista sa

maraming mamayan sa mga kanugnog nitong republika at sa kalapit na rehiyon ng Gitnang Asya. Nang bumagsak ang rebis-

Kanluran.

Ang masidhing pagnanais ng mamamayang Chechen na makaalpas mula sa dominasyon, pang-aapi at pagsasamantala ng Russia ang siya ngayong ginagatungan ng mga imperyalista upang mapasakamay nila ang mga deposito ng langis ng Chechnya at ang mga *oil pipeline* na tumatagos sa rehiyon ng Caucasia. Para rito, kinakasangkapan ng mga imperyalista ang mga reaksyunaryong pulitiko sa dalawang bansa at mga *warlord* na Chechen upang ibayong paglagablabin ang sobinismo at fundamentalismong Islamiko sa rehiyon. Iwinawasiwas ng mga *warlord* ng Chechnya ang islogan na patalsikin ang Russia mula sa Caucasia at buuin ang isang unipikadong estadong Islamiko sa rehiyon na magbibigkis sa Chechnya, Daghestan, Ingushetia at iba pang bansa rito.

Upang ipatupad ang layuning ito, pinamunuan noong Agosto ng mga *warlord* na sina Shamil Basayev at Khatab ang 2,000 tropa sa pagsalakay at pambobomba sa iba't ibang lunsod sa Russian Federation, kabilang na ang Moscow, kabisera ng Russia. Gumanti ang Russia sa pamamagitan ng malawakang pagbomba sa mga nayon ng Chechnya at ng Grozny (kabisera ng Chechnya) mismo na ikinamatay ng maraming sibilyan. Pagsapit ng Oktubre, sinalakay ng aabot sa 140,000 tropang Ruso ang hilagang Chechnya at inokupahan ang sangkatlo ng territoryong Chechen.

Ang kaso ng Chechnya ay walang malaking pagkakaiba sa kaso ng Kosovo. Parehong ginagatungan ng mga imperyalista ang ultranasyunalismo at sobinismo at pinag-aapoy ang mga tensyong etniko at relihiyoso upang magbunsod ng gera at bigyang-matwid ang imperyalistang panghihimasok at ang pagtatalaga ng mga tropa ng US at mga alyado nito sa rehiyon.

Ang mga tropa nina Basayev at Khatab ay pinopondohan, inaarmasan at sinasanay din ng mga imperyalista. Tumatanggap sila ng malaking ayuda mula sa mga imperyalista na

---

**DAPAT  
ILANTAD AT  
MARIING  
TUTULAN  
ANG  
AGRESYON  
NG RUSSIA  
SA  
CHECHNYA.**

---

## DETATSMEN NG AFP SA BUKIDNON, NIREYD, SINUNOG

Labinsiyam (19) na matataas na kalibreng armas ang nasamsam at dalawang elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit ang napatay nang lusubin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang detatsment ng Philippine Army sa Bukidnon. Ang reyd ay inilunsad sa detatsment ng 5th Special Forces Battalion sa Barangay Kagalangan, San Fernando nitong Pebrero 12. Nakumpiska mula sa detatsment ang isang M60, siyam na M14, anim na garan at tatlong M16. Nasamsam din ang isang .38 at isang .357. Bago inilunsad ang reyd, pinutol ng mga gerilya ang mga linya ng kuryente at komunikasyon ng detatsment upang hindi makapagtawag ng *reinforcement* ang kaaway. Sinunog din nila ang detatsment bago sila umatras.

► ipinadadaloy ng huli sa mga reaksyunaryong maka-US na rehimeng Arabo na nag-eeksport ng langis. Ayon sa isang ulat, nagbigay ng \$20 milyon ang Jordan sa mga *warlord* na Chechen para sa pagsalakay sa Daghestan.

Kung hindi dahil sa ayudang ito ay madaling babagsak ang Chechnya, na sa kabilang matinding diwang mapanlaban ng mamamayan ay di hamak na mas maliit at mas mahina kung ikukumpara sa Russia. Sa kabilang ng pag-agaw ng Russia sa Grozny, ipinagpatuloy pa rin ng mga gerilyang Chechen ang digmaan para sa malayang bansa.

Patuloy ding sasamantalahin ng mga imperyalista ang sitwasyon sa Chechnya. Naaayon sa kanilang estratehikong interes na magpatuloy at magtagumpay ang pakikibaka ng Chechnya upang manatili itong independente. Lalong pabor sa kanila kung maitatayo ang isang unipikado at anti-

## KUMPANYA NG TELEPONO PINARUSAHAN SA NORTH COTABATO

Sinunog ng mga sumalakay na gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang *relay station* ng isang kumpanya ng telepono sa Makilala, North Cotabato nitong Pebrero 4. Pinarusahan ang Smart Communications Inc., tagagawa ng mga *cellular phone*, dahil sa di nito pagtalima sa mga batas at patakaran sa pagbubuwis ng rebolusyonaryong kilusan at demokratikong gubyernong bayan.

## 3 SUNDALO PATAY SA TARLAC

Tatlong sundalo ang napaslang sa isang engkwentro sa pagitan ng mga Pulang mandirigma at mga sundalo ng 69th IB sa Tarlac. Ang labanan ay naganap sa Barangay Cut-cut, Lunsod ng Tarlac nitong Enero 6. Ang barangay na pinangyarihan ng labanan ay bahagi ng 6,000-ektaryang Hacienda Luisita na pagmamay-ari ng pamilya ng dating pangulong Corazon Cojuangco Aquino.

Rusyang Islamikong republika sa rehiyon na magsisilbing dagdag na pangontra sa Russia.

Samantala, kaakibat ng kaguluhang bunsod ng mga imperyalista ang malawakan at lantarang paglabag sa mga karapatang-tao at sa mga pandaigdigang batas ng digma, na bumibiktima sa daan-daan libong sibilyan at umaani ng matinding pagbatikos mula sa iba't ibang dako ng mundo.

Patunay itong muli na hindi mag-aatubili ang monopolyo kapital na isakripisyong buhay, kagalingan at ari-arian ng mga mamamayan ng daigdig sa altar ng superganansya.

Dapat ilantad at mariing tutulan ang agresyon ng Russia sa Chechnya. Dapat ding kundenahin ang pang-uupat ng mga imperyalista ng mga kaguluhang etniko at relihiyoso upang hatiin ang mga mamamayan ng daigdig at ilihis sila sa landas ng kilusang anti-imperialista at sosyalista upang madali silang magapi at mapaghaharian. ■